Republic of the Philippines
Department of Education
REGION IX – ZAMBOANGA PENINSULA
SCHOOLS DIVISION OF DIPOLOG CITY

DEPED DIPOLOG CITY DIVISION
RECORDS SECTION
RELEASED
Date: AUG 01 2025 Doc. No.: 341
By: DOMINIC MAIKO S. DIAZ
ADMINISTRATIVE OFFICER IV

Hulyo 31, 2025

**PANSANGAY NA MEMORANDUM**
Blg. 341 serye 2025

**PAGDIRIWANG SA BUWAN NG WIKANG PAMBANSA 2025**

Para sa:
Kawaksing Pansangay na Tagapamanihala ng mga Paaralan (ASDS)
Hepe (CID/SGOD)
Tagamasid Pansangay
Tagamasid Pampurok
Punong-guro ng mga Pampublikong Paaralang Elementarya at Sekundarya
Lahat ng Kinauukulan

1. Ang Sangay ng Lungsod ng Dipolog ay nakikiisa sa taunang pagdiriwang ng **Buwan ng Wikang Pambansa (BNWP)** alinsunod sa itinakdang Pampanguluhang Proklamasyon Blg. 1041, s. 1997, sa pangunguna ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF). Ang mga gawaing isasagawa mula Agosto 1-31, 2025 bilang bahagi ng pagdiriwang na ito ay ayon sa temang, **"Paglinang sa Filipino at Katutubong Wika: Makasaysayan sa Pagkakaisa ng Bansa."**

2. Layunin ng pagdiriwang ng BNWP 2025 ay ang mga sumusunod:
   a. ganap na maipatupad ang Pampanguluhang Proklamasyon Blg. 1041 s. 1997;
   b. maiangat ang kamalayan ng mga mamamayang Pilipino ukol sa wika at sa kasaysayan nito;
   c. mahikayat ang iba't ibang ahensiyang pampamahalaan at pampribado na makiisa sa mga programang nagpapataas ng kamalayang pangwika at pansibiko;
   d. maganyak ang mga mamamayang Pilipino na pahalagahan ang mga wika ng Pilipinas sa pamamagitan ng aktibong pakikilahok sa mga gawain kaugnay ng Buwan ng Wikang Pambansa; at
   e. maipakilala sa mga mamamayang Pilipino ang Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) bilang ahensiyang pampamahalaan na nangangalaga sa mga wika ng Pilipinas sa pamamagitan ng mga programang pangwika nito.

3. Hinati sa apat (4) na lingguhang tema ang isang buwang pagdiriwang:

| PETSA | PAKSA |
|---|---|
| Agosto 3-9, 2025 | Gampanin ng Sign Language (FSL) sa Pagbabago ng Klima |
| Agosto 10-16, 2025 | Wikang Pangkasarian |
| Agosto 17-23, 2025 | Ang Pangangalaga sa Katutubong Wika at Kaalaman bilang Pangangalaga sa Kalikasan |
| Agosto 24-30, 2025 | Filipino at Wikang Katutubo: Wika ng Malayang Pamamahayag |

4. Hinihikayat ang lahat ng paaralang elementarya at sekundarya sa Sangay ng Lungsod ng Dipolog na aktibong makibahagi sa pagdiriwang ng BNWP 2025 sa pamamagitan ng paggamit ng wikang Filipino sa lahat ng ugnayang pormal gaya ng mga pagpupulong, programa, at iba pang opisyal na gawain at pagtatalakay sa mga mahahalagang pangyayari tungo sa pag-unlad ng Wikang Filipino sa buong buwan ng Agosto.

5. Ang disenyo ng poster o tarpaulin na maaring gamitin ay pwedeng idownload mula sa link na: **https://tinyurl.com/BNWP2025**

6. Narito ang mga mungkahing gawain para sa pagdiriwang ng BNWP 2025. Binibigyan ng kalayaan ang mga paaralan na magpasya kung alin sa mga mungkahing gawain ang ipatutupad sa bawat lingguhang pagdiriwang.

| **Elementarya** | **Sekundarya** |
|---|---|
| • LikhaWento (Baitang 3)<br>• TahiRawan (Baitang 6)<br>• I-Ispel Mo!<br>• Pagbigkas ng Tula<br>• Pag-awit ng Katutubong Awit o Awiting Makabayan<br>• Espesyal na Pagtatanghal na gumagamit ng Filipino Sign Language<br>• Pagsulat ng Balita, Lathalain, Editoryal at mga Artikulong Pang-agham at Isports<br>• Malikhaing Pagkukuwento ng mga Kuwentong Pambata | • BidyoKasiya (Baitang 10)<br>• I-Ispel Mo!<br>• Pagbigkas ng Tula<br>• Pag-awit ng Katutubong Awit o Awiting Makabayan<br>• Espesyal na Pagtatanghal na gumagamit ng Filipino Sign Language<br>• Balagtasan<br>• Tagisan ng Talino<br>• Spoken Poetry<br>• Dagliang Talumpati<br>• Pagsulat ng Sanaysay<br>• Paglikha ng Vlog<br>• Pagsulat ng Balita, Lathalain, Editoryal at mga Artikulong Pang-agham at Isports |

7. Hinihikayat ang lahat ng paaralan na idokumento at iulat ang kanilang mga isinagawang aktibidad at ibahagi ito sa kanilang mga opisyal na platform, gaya ng social media pages o websites ng paaralan o distrito, gamit ang mga sumusunod na hashtags:

**#BuwanNgWika2025**
**#OneDepEdDipolog**

8. Ang partisipasyon ng mga guro at mag-aaral ay marapat na naaayon sa no disruption of classes policy na nakasaad sa DepEd Order No. 9, s. 2005 na may pamagat na Instituting Measures to Increase Engaged Time-on-Task and Ensuring Compliance Therewith.

9. Ang soft copy ng ulat ukol sa pagdiriwang na ito ay isusumite ng punong-guro o pinuno ng paaralan sa email address: filipino.dipolog@deped.gov.ph bago pa ang

**Setyembre 2, 2025.** Ang sumusunod na template ay maaring gamitin sa nasabing ulat.

| Panimula | | | | |
|---|---|---|---|---|
| Layunin | Mga Gawain | Petsa, Oras at Lugar | Mga Kalahok/ Mga Nanalo | Mga Tuntunin sa Patimpalak o Gawain at Pamantayan |
| | | | | |
| | | | | |
| | | | | |
| Mga Larawan na may caption | | | | |
| Konklusyon o Resulta ng mga Gawain | | | | |

11. Para sa karagdagang impormasyon, maaaring makipag-ugnayan kay:

Cherry Mae B. Eltanal EdD
Tagamasid Pansangay sa Filipino
filipino.dipolog@deped.gov.ph

12. Ang maagap at malawakang pagpaparating sa kinauukulan ng Memorandum na ito ay inaasahan.

**MA. LIZA R. TABILON EdD, CESO V**
Pansangay na Tagapamanihala ng mga Paaralan

Sanggunian:
Pampanguluhang Proklamasyon Blg. 1041, s. 1997
CID/EPS/CMBE
Hulyo 31, 2025